

Ang Iyong Karapatan

Na Tumanggap ng mga Serbisyong Pangkalusugan
ng Isip sa Wikang Iyong Naiintindihan



Inihanda ng
Protection & Advocacy, Inc.

1-800-776-5746

Publikasyon #5380.08 — Mayo 2002

Note: When this publication was originally published, we were known as Protection & Advocacy, Inc. (PAI). In October 2008, we changed our name from PAI to Disability Rights California.

Ang Protection & Advocacy, Inc. (PAI) ay isang pribado, di-nagtutubong organisasyon. Ang PAI ay kumikilos na kasama ang mga taong may mga disabilidad – upang protektahan, itaguyod at isulong ang kanilang mga karapatang pantao, mga karapatang ipinagkakaloob ng batas, at mga serbisyong nararapat tanggapin. Nagpupunyagi kami para sa isang lipunan na nagpapahalaga sa lahat ng tao at sumusuporta sa kanilang mga karapatan sa dignidad, kalayaan, pagpili at kalidad ng buhay.

Ang PAI ay nagkakaloob ng iba-ibang serbisyong pagtataguyod, kabilang ang pagbibigay ng impormasyon, rekomendasyon, at tulong na teknikal, at tuwirang pagkatawan. Para sa impormasyon o tulong sa isang problemang kailangang malutas kaagad, tumawag sa:

PAI

Walang Bayad: (800) 776-5746

Ika-8:30 ng umaga hanggang Ika-5:00 ng Hapon – Lunes Hanggang Biyernes

Punong Opisina
100 Howe Ave., Suite 185-N
Sacramento, CA 95825
Yunit Pambatas – (916) 488-9950
Pangasiwaan – (916) 488-9955
TTY – (800) 719-5798

Opisina sa San Diego
1111 Sixth Ave., Suite 200
San Diego, CA 92101
(619) 239-7681
TTY – (800) 576-9269

Opisina sa Los Angeles
3580 Wilshire Blvd., Suite 902
Los Angeles, CA 90010
Tel. – (213) 427-8747
TTY – (800) 781-5456

Opisina sa San Francisco Bay Area
433 Hegenberger Rd., Suite 220
Oakland, CA 94621
Tel. – (510) 430-8033
TTY – (800) 649-0154

Ang PAI ay tumatanggap ng pondo sa ilalim ng Batas Ukol sa Tulong at mga Karapatan ng mga Taong May Disabilidad na Debelopmental, Batas Ukol sa Proteksiyon at Pagtataguyod sa mga Indibidwal na May Sakit na Pangkaisipan, Batas Ukol sa Proteksiyon at Pagtataguyod ng mga Indibidwal na Karapatan, at Batas Ukol sa Proteksiyon at Pagtataguyod sa mga Benepisyaryo ng Seguridad Sosyal. Anumang mga opinyon, napag-alaman, rekomendasyon o konklusyong ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa mga awtor at hindi kumakatawan sa mga pananaw ng mga organisasyong nagpopondo sa PAI.

Ang Iyong Karapatan

Na Tumanggap ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Isip sa Wikang Iyong Naiintindihan

Kapag ikaw ay hinahadlangan ng wika o pakikipagtalastasan (ang iyong pangunahing wika ay hindi Ingles, kung ikaw ay bingi o may kapansanan sa pandinig, o kung kailangan mo ng tulong sa pakikipagtalastasan) may karapatan ka pa ring gamitin ang mga serbisyong pangkalusugan ng isip. May karapatan kang gamitin ang mga serbisyong ito sa wika na pinakasanay ka at pinakakomportable. Ang mga sumusunod ay mga katanungan na pinakamadalas itanong at ang mga kasagutan tungkol sa mga karapatan sa paggamit ng mga serbisyo ukol sa wika.

1. May karapatan ba ako sa impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan ng isip sa isang wikang naiintindihan ko?

Oo. Ang mga programa sa kalusugan ng isip ay may obligasyong magkaloob ng mga serbisyong pagsasalin ng wika, at mga karagdagang tulong. Ang binibigkas na pagsasalin ng wika ay nangangahulugan na makakakuha ka ng impormasyon, sa paraang binibigkas o isinesenyas, sa iyong pangunahing wika. Ang isinusulat na pagsasalin ng wika ay nangangahulugan na makakakuha ka ng nakasulat na impormasyon sa iyong pangunahing wika. Ang mga karagdagang tulong ay maaaring kabilang ang materyal sa Braille at nakateyp, gayon din ang ibang mga tulong, kung ikaw ay may kapansanan sa pandinig o paningin.

2. Kailan ako may karapatan sa isang tagasalin?

Ikaw ay laging may karapatan sa isang tagasalin. Sa una mong pagbisita, dapat sabihin sa iyo ng tagapagkaloob ng serbisyo (sa sulat, sa wikang isinesenyas, o sa iyong pangunahing binibigkas na wika, o sa Braille) ang tungkol sa iyong mga karapatan sa mga tagasalin. Lahat ng programa ay dapat magpaskil ng naturang impormasyon sa isang lugar na madaling makita. Lahat ng paunawa, nakasulat man o binibigkas, ay dapat magpaliwanag kung paano kukuha ng tagasalin at kung paano magsasampa ng mga reklamo tungkol sa mga problema sa serbisyong pagsasalin sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan (DHS) ng estado.

3. Sino ang may kakayahang magkaloob ng mga serbisyong binibigkas na pagsasalin?

Ang isang “tagasalin” ay isang taong sanay sa Ingles at sa iyong pangunahing wika. Ang taong iyan ay dapat na may kakayahang magsalita o sumenyas, magbasa, at magsalin ng iyong pangunahing wika nang mabilis at tumpak. Ang kakayahan ay nangangailangan ng kaalaman ng mga natatanging katawagan o konsepto sa parehong wika. Ang mga tagapagkaloob ng serbisyo ay hindi dapat mag-atas, magmungkahi, o humimok na ikaw o ibang taong may LEP (limitadong Kasanayan sa Ingles) na gumamit ng mga miyembro ng pamilya, kaibigan, o menor na anak bilang mga tagasalin.

4. May karapatan ba akong masusing makipagtulungan sa aking tagasalin at tagatasa ng kalusugan ng isip upang matiyak na nakukuha ko ang mga serbisyong gusto at kailangan ko?

Oo. Kung ang iyong tagatasa ng kalusugan ng isip ay hindi marunong ng iyong pangunahing wika, ang iyong tagasalin ay may mahalagang tungkulin na masusing makipagtulungan sa iyo at sa tagatasa upang matiyak na nakukuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Napakagandang ideya na magtanong sa ibang kliyente na nagsasalita ng iyong wika na tulungan kang magpasiya kung ang iyong tagatasa ng kalusugan ng isip ay kuwalipikadong tulungan ka. Kung hindi ka nasisiyahan sa pagtasa ng programa ng mga pangangailangan ng kalusugan ng iyong isip, may karapatan kang humingi ng isang panlabas, independiyenteng pagtasa na gagastusan ng programa.

5. Kailan ako may karapatan na ipasalin ang impormasyon sa aking pangunahing wika?

Ang tagapagkaloob ng serbisyo ay dapat magbigay sa iyo ng nakasulat na salin sa iyong pangunahing wika kung hindi kukulangin sa limang porsiyento ng mga kliyente ng programa ay nagsasalita sa wikang iyan.

6. May mga karapatan ba ako sa binibigkas na pagsasalin, nakasulat na pagsasalin at mga karagdagang tulong sa mga pulong ukol sa planong indibidwal na serbisyo o paggamot (ISP/ITP)?

Ikaw ay laging may karapatan sa binibigkas o isinesenyas na pagsasalin sa lahat ng yugto ng pangangalaga sa kalusugan ng iyong isip. Kabilang diyan ang mga pagdinig na pampangasiwaan o panghukuman. Kung ang programa ay hindi nagbibigay sa iyo ng mga nakasalang paunawa at dokumento, ito ay dapat magbigay sa iyo ng nakasalang paunawa tungkol sa mga pagpapasalin ng mga nakasulat na dokumento, nang binibigkas o sa wikang isinesenyas, ng isang may kakayahang tagasalin. Kung kailangan mo ng mga karagdagang tulong, dapat mong hingin ang mga ito bago ang mga pulong o pagdinig.

7. Ang mga programa sa kalusugan ng isip ay may tungkulin ba na suriin ang aking mga pangangailangang ukol sa wika?

Oo. Kahit minsan sa isang taon, ang mga programa sa kalusugan ng isip ay dapat kilalanin ang mga sumusunod:

- Anu-anong wika ang ginagamit sa lugar ng programa
- Ilang taong may LEP ang karapat-dapat at maaaring gumamit ng programa
- Sinu-sino sa mga kliyente ang mangangailangan ng mga binibigkas na salin, nakasulat na salin, mga karagdagang tulong, o mga tagasenyas
- Anu-anong mga bahagi ng programa sa kalusugan ng isip ang mangangailangan ng serbisyo ukol sa wika
- Anu-ano ang mga kakakailanganin nila – tulad ng lugar, kakayahang magamit at pakikipag-ayos

Saka tatasahin ng mga programa ang kanilang mga napag-alaman at pagpapasiyahan kung ang tulong na ipinagkakaloob nila ay napapanahon at maaaring magtagumpay, o kung kailangan nilang baguhin ito.

8. Ang mga programa sa kalusugan ng isip ay dapat bang bumuo ng mga nakasulat na patakaran upang matugunan ang aking mga pangangailangan ukol sa wika? Kailangan ba nilang magsanay ng mga tauhan tungkol sa aking mga pangangailangan?

Oo. Dapat isulat ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ang mga sumusunod:

- Paunawa sa mga taong may LEP – sa kanilang pangunahing wika – ng kanilang karapatan sa libreng tulong ukol sa wika
- May kakayahang pagsasalin – pareho sa binibigkas at isinesenyas na wika
- Salin ng mga nakasulat na materyal
- Pagsasanay ng mga tauhan tungkol sa mga patakaran at pamamaraan ng LEP (tasahin ang kaalaman ng mga tauhan taun-taon)

9. Ano ang maaari kong gawin kung ang programa ay hindi nagkakaloob ng serbisyo ukol sa wika na kailangan ko?

Kung ang programa sa kalusugan ng isip ay hindi nagkakaloob sa iyo ng makabuluhang serbisyo batay sa iyong mga pangangailangan ukol sa wika, maaari kang magsampa ng reklamo. Kapag nagsampa ka ng reklamo, ang Opisina ng mga Karapatang Sibil ay isasaalang-alang ang mga sumusunod na katanungan sa pagpapasiya sa iyong iniuulat na diskriminasyon:

- Gaano kalaki ang programa?
- Ilang karapat-dapat na kliyenteng LEP ang nasa programa?
- Gaano kadalas na nakikipag-ugnayan sila sa programa?
- Gaano kadalas na nakakaharap ang iyong wika?
- Ano ang kalikasan ng programa?
- Ano ang mga layunin ng programa?
- Ano ang kabuuang kakayahan ng programa?

10. Maaari ba akong magsampa ng reklamo kung ang programa sa kalusugan ng isip ay hindi nagkakaloob ng makabuluhang serbisyo?

Oo. Maraming programang serbisyong panlipunan na may pederal na pagpopondo ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao (DHHS). Ang mga batas ay nagtatadhana ng pantay-pantay na paggamit ng lahat ng naturang programa. Ang Opisina ng mga Karapatang Sibil (OCR) ay nagpapatupad ng mga naturang batas.

Dapat mong isampa ang iyong reklamo nang nakasulat sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng anumang gawain na sa palagay mo ay nagdidiskrimina. Makakakuha ka ng porma para sa reklamo mula sa OCR, o maaari kang magpadala ng liham na kasama ang mga sumusunod na impormasyon:

- Iyong pangalan, address at numero ng telepono, o ang pangalan ng iyong tagapagtaguyod, address at numero ng telepono
- Ang pangalan at address ng programa na inirereklamo mo
- Kailan at saan nangyari ang pagdiskrimina
- Ano ang nangyari

- Anumang ibang mga bagay na sa palagay mo ay mahalaga

Ipadala ang iyong reklamo sa:

Region IX OCR
Ira Pollack, Regional Manager
U.S. DHHS Office for Civil Rights
50 United Nations Plaza, Room 322
San Francisco, CA 94102

11. Ano ang maaaring mangyari kapag inimbistigahan ng OCR ang reklamo?

Ang OCR ay makakatulong na lutasin ang iyong reklamo sa paggamit ng paraan ng pamamagitan. Susubaybayan din ng OCR ang anumang kasunduan sa pagitan mo at ng programa. Kung ang programa sa kalusugan ng isip ay tumanging sumunod sa isang kasunduan, maaaring putulin ng OCR ang pederal na pagpopondo o ipadala ang kaso sa Kagawaran ng Hustisya para sa litigasyon.

12. Nangangamba ako sa pagganti o pananakot kung magsasampa ng reklamo sa OCR. Paano ako mapoprotektahan?

Dapat kang manindigan para sa iyong mga karapatan. Sikaping makakuha ng tagapagtaguyod na kasama mong kikilos. Kung mananatili kang nakakatiyak ng iyong mga karapatan malamang na hindi ka maliligalig. Magagawa mo ring magsampa ng patuloy na mga reklamo at kontakin ang iyong mga lokal na kinatawan.

13. Mayroon pa ba akong magagawa upang matiyak na makakatanggap ako ng serbisyo ukol sa wika?

Kung tumatanggap ka ng Medi-Cal, maaari kang magsampa ng reklamo sa direktor ng kalusugan ng isip sa inyong county. Maging matiyaga! Manindigan para sa iyong mga karapatan. Walang gustong gumasta ng pederal na salapi sa mga programang nagdidiskrimina laban sa mga taong nangangailangan ng mga ito.